# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-17 ng Oktubre, 2025

## Magparehistro para Makaboto bago o sa Ika-20 ng Oktubre para sa Espesyal na Eleksyon sa Nobyembre

Kung nais ninyong bumoto sa espesyal na eleksyon sa Ika-4 ng Nobyembre, kinakailangan ninyong magparehistro bago o sa Lunes, Ika-20 ng Oktubre upang makatanggap ng balota sa koreo. Kung hindi man, kailangan ninyong pumunta nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa o bumisita sa isang vote center simula Sabado, Ika-25 ng Oktubre upang magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang sa Ika-4 ng Nobyembre.

Ang pagpaparehistro upang bumoto ay mabilis at madali at maaaring gawin sa online sa sdvote.com. Kakailanganin ninyong magparehistro para makaboto kung kayo ay:

- hindi pa rehistrado sa County ng San Diego
- kamakailan lang lumipat
- nagbago ng pangalan

Kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa pamamagitan ng mga rekord sa California Department of Motor Vehicles, ang inyong rehistrasyon ay awtomatikong ipapadala sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung hindi nakumpirma ang inyong pirma, maaari ninyong i-print ang porma, pirmahan ito at ibalik ito sa opisina ng Tagapagrehistro bago sumapit ang ika-5 ng hapon sa Ika-20 ng Oktubre.

Ang mga porma ng rehistrasyon ay dapat may postmark o maihatid sa opisina ng Tagapagrehistro bago o sa Ika-20 ng Oktubre. Ang mga botante ay maaari ring magparehistro sa online hanggang hatinggabi.

Kung wala kayong access sa computer, maaari kayong humiling ng porma ng rehistrasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 696-0136 o mag-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov.

Hindi sigurado kung rehistrado kayo para bumoto? I-check ang inyong status ng rehistrasyon sa online sa sdvote.com.

Para sa mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales sa eleksyon ay available rin sa wikang Chinese, Filipino, Spanish, at Vietnamese.

Ang maagang pagboto ay nagsimula na mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa, na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-17 ng Oktubre, 2025

Kung nais ninyong bumoto nang personal, hinihikayat ang mga botante ng opisina ng Tagapagrehistro na samantalahin ang maagang pagboto. Mas kaunti ang mga lokasyon ng mga vote center para sa espesyal na eleksyon na ito, kaya kung nais ninyong maiwasan ang mahahabang pila huwag nang maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon.

Simula Sabado, Ika-25 ng Oktubre, ang mga piling vote center sa buong county ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Simula Sabado, Ika-1 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Sa pinal na araw ng pagboto, Ika-4 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center, mga opisyal na ballot drop box, at ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Makakahanap kayo ng lokasyon ng isang vote center o isang opisyal na ballot drop box na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ang inyong pamplet online gamit ang Tingnan ang Isang Pamplet ng Impormasyon ng Botante (Sampol na Balota) na tool sa sdvote.com.

Ang mga botante sa buong estado ay magpapasya kung aaprubahan ang Proposisyon 50, isang pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado na may kinalaman sa muling-pagdidistrito. Maaari kayong matuto nang higit pa tungkol sa proposisyong ito sa Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California (English Lamang).

Ang mga botante na naninirahan sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Poway ay magkakaroon ng karagdagang katanungan sa kanilang balota. Ang mga botante ng Ika-2 Distrito ng Poway ay magpapasya kung aalisin sa katungkulan ang kanilang nahalal na representante sa konseho ng lungsod. Tanging ang mga botante na nakatira sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Poway ang maaaring bumoto para sa kontest na ito. Kung hindi ka sigurado kung nakatira ka sa distrito, maaari ninyo itong tingnan sa sdvote.com.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na eleksyon sa Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101